

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

Ang Archdiocesan Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Kaligtasan ng Bata (Child Safety Code of Conduct) ay tumutulong na lumikha ng isang positibo, mapagpalang at ligtas na kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga inaasahan na may kinalaman sa naaangkop na pag-uugali ng clergy, mga empleyado at boluntaryo sa kanilang mga interaksyon sa mga bata at kabataan na sumali sa mga programa, aktibidad at mga pangyayari.

Ang Child Safety Code of Conduct ay nagpapakita sa aming pagtanggap na ang bawat bata o nakababata ay may 'bukod tanging kahalagahan na nakalikha ng imahe at pagkakatulad sa Diyos' at nararapat lang na protektahan (Pontifikal na Komisyon sa Proteksiyon ng Mga Menor-de-Edad 2016 (Pontifical Commission for the Protection of Minors 2016)).

Habang bahagi ng mga aktibidad ng parokya, ahensiya o mga entity, hinihiling mula sa clergy, mga empleyado at boluntaryo na kumilos sa isang paraan na nagbabantay sa mga bata at kabataan mula sa pang-aabuso at maiwasang laging masaktan.

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo sa ministry o nakikipagtrabaho kasama ang mga bata at nakababata sa ilalim ng Katolikong Archdiocese ng Melbourne (Catholic Archdiocese of Melbourne) ay may responsibilidad na maunawaan ang mahalagang tungkulin na ginagampanan nila bilang indibiduwal at sama-sama para matiyak na ang kapakanan at kaligtasan ng lahat ng mga bata at kabataan.

DEKLARASYON NG KODIGO NG ASAL SA PANGANGALAGA SA KALIGTASAN NG MGA BATA AT KABATAAN (SAFEGUARDING CHILDREN AND YOUNG PEOPLE CODE OF CONDUCT DECLARATION)

Ang **Safeguarding Children and Young People Code of Conduct Declaration (Pahayag ng Kodigo sa Pag-uugali para sa Pagbabantay sa Mga Bata at Kabataan)** ay isang pagkikilala ng isang clergy, ang mga empleyado at boluntaryo na kanilang nabasa at naunawaa ang mga pag-uugali at pagkilos na inaasahan mula sa kanila at sumasang-ayon na sumunod sa Code of Conduct. t.

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay hinihiling na lumagda sa **C Safeguarding Children and Young People Code of Conduct Declaration** sa sandaling mag-umpisa sila.

Hinihiling mula sa mga boluntaryo na muling lagdaan ang Declaration kada tatlong taon.

Ang clergy at mga empleyado ay hinihiling na muling lagdaan ang Declaration taon-taon.

Ang training para sa kaligtasan ng bata (basahin ang 'Safeguarding Training' (Training sa Pagbabantay) na seksyon ng patakarang ito) na hinihiling taon-taon para sa lahat ng mga clergy, boluntaryo at empleyado.

MGA INAASAHAN

Tuntunin na hindi dapat kailanman mag-isa

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay dapat umiwas sa isahan, at walang bantay na mga situwasyon kasama ang mga bata at kabataan. Ang mga aktibidad at/o talakayan kasama ang mga bata at kabataan ay dapat gawin nang may iba pang mga nakakakita.

Pamamahala

Sa mga lugar kung saan ang mga bata o kabataan ay kasali ng hindi kasama ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga, may responsibilidad ang clergy, mga empleyado at boluntaryo na nagsasagawa ng mga programa, aktibidad at pangyayari para sa mga bata at kabataan para sa

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

aktibong pamamahala o pagbabantay sa mga bata at kabataan.

Sexual abuse/maling asal

Anumang uri ng sexual activity sa o kasama ang bata at mga kabataan na sumali sa Archdiocesan na parokya, ahensiya o mga aktibidad ng entity ay mahigpit na ipinagbabawal. Nagaganap ang sexual abuse kapag ginagamit ng isang tao ang kaniyang kapangyarihan, lakas o awtoridad para masangkot o malantad ang isang bata o kabataan sa anumang uri ng sexual activity.

Napapaloob ang sexual na asal sa malawak na mga uri ng kilos na madaling makatuwiran bilang likas na sexual, kasama na pero hindi limitado sa:

- pag-uugali ng pagdidikit tulad ng pagiging bahagi ng isang sexual intercourse (pakikipagtalik), halikan, paghipo o sexual penetration o pagsasamantala sa isang bata sa pamamagitan ng prostitution o paglikha ng mga materyales na nananamantala sa bata (hal. pornograpiya na kinasasangkutan ng mga bata at kabataan)
- pag-uugali na di nadidikit tulad ng harutan, pagiging bahagi ng isang talakayan na lantarang likas na sexual, pagpaparinig ng may sexual na nilalaman, di angkop na text messaging, di angkop na pagkuha ng litrato, hindi angkop na online content o pagkakatulad sa pornograpiya o kahubaran
- pag-uugali sa pag-aayos na nilikha para maisali ang mga bata o kabataan sa sexual na aktibidad (hal. pagiging paborito, pagbibigay ng regalo, 'lihim' na pakikipag-ugnayan sa isang bata o kabataan, maligalig na pakikipagbiruan, sobra-sobrang pagmamalasakit).

Pisikal na kontak

Ang paglikha ng isang ligtas na kapaligiran para sa iyong anak ay hindi nangangahulugan na walang pisikal na kontak sa ibang mga bata at kabataan. Kapag katrabaho ang mga bata at kabataan, maaaring may maganap na di naaangkop at di mapanghimasok na pisikal na kontak.

hal. habang naglalaro ng sport, may dalang sanggol sa isang playgroup, pagbibigay ng first aid, o paghawak ng mga kamay habang nagdarasal.

Habang imposibleng ilarawan ang lahat ng mga posibleng pangyayari ng naaangkop at di naaangkop na pisikal na kontak, ang mga sumusunod na prinsipyo ay maaaring makatulong na matiyak ang kontak na naaangkop.

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay maaaring:

- Sumali sa pisikal na kontak na hindi mapanghimasok at matuturing na naaangkop naman ayon sa dahilan kung bakit ito ginagawa, ng isang may katuwirang tao (hal. high five, pagtapik sa balikat, paghawak sa kamay ng bata para tumawid, pag-aakbay sa isang taong lubos na nalulungkot).
- Pasimulan ang kontak bilang tugon sa mga pangangailangan ng bata o kabataan na alinsunod sa mga limitasyon ng aktibidad o programa (hal. pagtulong na makabangon sa bata na nahulog, pagbibigay ng first aid kapag nasaktan ang bata, pagbibigay ginhawa sa bata na nalulungkot, pag-aayos sa equipment sa sports ng may pahintulot ng bata).

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay dapat:

- Ipaliwanag sa bata o kabataan kung ano ang ginagawa nila kapag may pisikal na kontak at hingin ang

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

pahintulot bago anumang gawing pisikal na kontak (hal. “Maaari ko bang ipatong ang kamay ko sa balikat mo habang nagdadasal tayo?”)

- Bigyang galang ang mga hudyat ng bata na di ito kumpotable sa pisikal na kontak (hal. ang bata ay lumalayo, o nagbibigay senyas gamit ang mga mata, nagpapakita ng pagkabalisa).
- Galangin ang mga sensibilidad ayon sa kultura na may direktang koneksyon sa pisikal na kontak kasama ng mga bata at kabataan na galing sa ibang mga kultura. Ang mga gawi at pamantayan sa pag-uugali ayon sa kultura na may kaugnayan sa pisikal na pakikipag-ugnayan ay may malaking pagkakaiba-iba at nangangailangan ng lubos pang pagsasaliksik hal. sa ilang mga kultura ay maaaring tinatanggap ang paghawak sa kamay ng isang bata sa adult habang sa ibang mga grupo naman, ang pisikal na kontak sa di kamag-anak na adult o adult na iba ang kasarian ay hindi pinapahintulutan.
- Galangin ang mga kakayahan ng mga bata at kabataan na may kapansanan (hal. paggalang sa kakayahang mag-isa ng bata na may kapansanan sa pamamagitan ng pagtanong kung kailangan nila ng tulong).

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay dapat na umiwas sa anumang pisikal na kontak:

- sa bibig, ari, puwet at suso maliban na lang kung may medikal na emergency na situwasyon (hal. kapag gumagamit ng defibrillator, nagsasagawa ng mouth to mouth resuscitation)
- iyong pinasimulan ng isang empleyado o boluntaryo para matugunan ang sarili nilang mga pangangailangan (hal. isang boluntaryo na patuloy na yumayakap sa mga bata o hinihikayat silang kumandong sa kanila habang nakaupo dahil sila ay nag-iisa)
- matuturing ng isang makatuwirang nagmamasid na ito ay likas na sexual
- nilalayon na madulot sa bata o kabataan ng distress o pinsala
- kinabibilangan ito ng maligalig na pakikipagbiruan, wrestling, magulong paglalaro o pangingiliti
- ito ay laban sa nais ng bata o ng kabataan
- may kaugnayan sa personal na pag-aalaga na ang bata o kabataan ay hindi nangangailangan ng tulong sa (hal. paggamit ng banyo, pagbibihis, paliligo)
- na ginagawa ng pribado.

Basahin ang **INFORMATION SHEET: Pisikal na Kontak** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paraan para mapamahalaan ang pisikal na kontak sa mga bata at kabataan sa isang paraan na natataguyod ang kanilang kaligtasan.

Paggamit, pagdala o pag-supply ng alak at droga

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay dapat na:

- Hindi umiinom o gumagamit ng alak o ilegal na droga bago o habang bahagi ng pag-aalaga sa mga bata at kabataan.
- Hindi naapektuhan ng inireresetang gamot na maaaring makapanghina sa kanilang kakayahan na makapag-alaga sa mga bata at kabataan.
- Makapagkaloob ng isang kapaligiran na malaya mula sa usok ng sigarilyo para sa mga bata at kabataan (hal. kasama na ang mga e-cigarette).

*Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan,
kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan*

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

Pagbibigay ng alak o ilegal na droga sa mga bata at kabataan ay ilegal at mahigpit na ipinagbabawal. Tignan **Pagbibigay ng Medikasyon/Gamot** na seksyon na may kinalaman sa pamamahala ng medikasyon o gamot sa mga bata at kabataan.

Paggabay sa pag-uugali ng mga bata at kabataan (disiplina)

Kami ay nagsisikap upang tiyaking ang lahat ng mga bata at kabataan ay may positibong karanasan sa aming Archdiocese.

Kapag katrabaho ang mga bata at kabataan, ang pagtatakda ng mga patnubay kasama ang mga bata at kabataan ay nakakatulong magabayang ang pag-uugali para mataguyod ang kaligtasan at kapakanan ng lahat ng kasangkot.

Paminsan-minsan, ang mga estratehiya sa pamamahala ng pag-uugali ay maaaring kailanganin para:

- matiyak ang isang ligtas, positibo at mabisang kapaligiran
- matiyak ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan
- mapamahalaan ang mapaggambalang pag-uugali.

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay dapat gumamit ng patas, mapaggalang at mga angkop sa edad at paglaki na estratehiya. Ang bata o kabataan ay bibigyan ng malinaw na mga instruksyon at bibigyan ng oportunidad para mapatungo ang kanilang pag-uugali sa isang positibong pamamaraan.

Kung ang isang bata o kabataan ay patuloy na kumilos sa isang paraan na mahirap pangasiwaan, pinapayo na sabihin sa mga magulang o tagapag-alaga at makipagtulungan para mahikayat ang positibong pag-uugali.

Wala sa anumang pagkakataon pinapahintulutan ang pisikal na pagpaparusa; ni anumang uri ng paggagamot na maaaring makonsidera na nakakapanliit, malupit, nakakatakot o nagpapahiya.

Pagbibigay ng mga regalo at/o pera

Ang pagbibigay ng regalo ng adult sa isang bata o kabataan ay maaaring ipalagay bilang pagkakaroon ng paborito o paghahanda na aoot lumaon sa sexual abuse.

Pinapahintulutan na magbigay ng mga regalo (na may katumbas na halaga) sa isang grupo ng mga bata at kabataan na bahagi ng parokya, ahensya o mga aktibidad ng entity (hal. binibigyan ng chocolate egg ang mga batang dumadalo sa Children's Liturgy kapag Pasko ng Pagkabuhay).

Natitiyak ang kaligtasan kapag ang pagbibigay ng regalo ay parte ng parokya, ahensya o aktibidad ng entity (hal. pagdiriwang ng mga mahalagang kaganapan sa buhay, isang ipinagdiriwang na okasyon) na may aprubasyon mula sa direktang supervisor.

Pamamahala sa mga request o pinansiyal o materyal na tulong

Ang pagkakaloob ng pinansiyal o materyal na tulong ay hindi dapat responsibilidad ng isang 'indibiduwal' na miyembro ng clergy, empleyado o boluntaryo. Ang pagbibigay ng pera o pagbili ng mga regalo ay maaaring maturing na pag-uugali ng pag-aayos o paghahanda lumaon.

Ilegal na droga

Ang droga ay tinutukoy bilang ilegal, kung ito ay ipinagbabawal ayon sa batas hal. heroin, cocaine, GHB, methamphetamine, cannabis.

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

Kung ang iyong anak o kabataan ay kailangan ng pinansiyal o materyal na tulong, dapat talakayin ng clergy, mga empleyado at boluntaryo ang request na ito sa mga nauugnay na tao sa loob ng parokya (o isang kagyat na supervisor) na kasama sa kanilang parokya, ahensya o entity para makapagbigay ng naaangkop na tugon ang parokya, ahensya o entity.

Pananalita at tono ng boses

Mahalagang gamitin ang naaangkop na pananalita at tono sa pakikipag-usap sa mga bata at mga kabataan. Maaari nitong mapatatag, masuportahan at mahikayat ang mga bata at kabataan at mapalakas ang kanilang tiwala sa sarili.

Sadya man o di sadya, ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay maaaring gumamit ng mga pananalita nagpapasama, nagpapahina ng loob, nananakot, nagbabanta at nagpapahiya sa mga bata at kabataan. Katulad rin nito, ang tono ng boses na ginamit ng mga adult at maaaring maka-apekto sa lakas ng loob at pakiramdam ng pagiging ligtas ng isang bata o kabataan.

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay dapat:

- Ang paggamit ng pananalita na positibo at nanghihikayat, at iwasan ang pananalita na nagbabanta at nakakatakot.
- Gumamit ng tono ng boses na naaangkop sa tinatalakay na paksa. Halimbawa, ang pagsisigaw ng mga salita ng paghihikayat habang may sporting activity ay maaaring naaangkop, gayunman ang pagsigaw sa isang bata na nahuli sa pagdating ay hindi naaangkop.
- Iwasan ang may diskriminasyon, racist o sexist na pananalita o pakikitugo.
- Iwasan ang nakakapagpababa ng pagkatao, mapanliit o negatibong pananalita kasama na ang pagbibigay ng alyas.
- Iwasan ang mga di kanais-nais na mga komento tungkol sa isang bata o kabataan (hal. pagbibigay ng komento tungkol sa timbang, katalinuhan, situwasyon sa pamilya, sexual orientation ng bata).
- Iwasan ang pananalita na likas na sexual kasama na ang may kahulugan na pakikipagbiruan, mga joke at mga kanyaw.
- Iwasan ang pambabastos (hal. pagmumura).

Mga litrato/video ng mga bata o kabataan

Mahalagang tiyakin na ang mga litrato o video ng mga bata at kabataan ay kinukunan para sa layunin ng paggamit sa parokya, entity o ahensya. Bilang bahagi ng proseso ng pagbibigay ng pahintulot, ang mga magulang o tagapag-alaga ay dapat pagsabihan kung paano marahil na gagamitin ang mga litrato o video (hal. website, noticeboard, newsletter) at kung saan marahil na ilalathala ang mga ito.

Kapag kumukuha ng mga litrato o video, ang clergy, empleyado at boluntaryo ay dapat na:

- Parating galangin ang desisyon ng magulang o tagapag-alaga para sa bata o kabataan na hindi sumali. May valid at dapat gawin na mga dahilan kung bakit hindi maaaring bigyang pahintulot (hal. custody sa bata, karahasan ng pamilya at/o proteksyon sa bata na maaaring makapigil sa bata o kabataan na makuhanan ng litrato para mapanatiling ligtas sila).
- Bigyan ang mga bata at kabataan ng oportunidad para mapahintulutan ang pagsali sa mga pagkukuha ng litrato o video kung kailan naaangkop.

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

- Kumuha ng mga litrato at video sa harap ng iba (hal. ng may nagbabantay), hindi nag-iisa o ng lihim.
- Tiyakin na ang mga bata at kabataan ay angkop ang panaamit at naka-pose.
- Tiyakin na ang content ng litrato o video ay hindi nakakasama sa damdamin ng iba (hal. sexual, racist, marahas, nagbabanta).
- Hindi magtatabi ng mga litrato o video para sa personal na gamit. Halimbawa, ang video ng children's choir ay ida-download at ililipat sa naaangkop na storage device o computer drive ng parokya, ahensya o entity sa sandaling magagawa na, at i-delete mula sa personal na equipment.

Dapat matiyak ng parokya, ahensya o entity na:

- Ikonsidera ang kakayahan ng anak o kabataan na nabansagan sa nakakasamang paraan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa publiko. Halimbawa, paglalagay ng litrato ng isang bata na nakakaraas ng bentahe sa pagkokolekta ng food parcel ay maaaring humatong sa pantutuya o bullying.
- Limitahan ang pang-araw araw na impormasyon para maiwasan na matagpuan ang bata. Halimbawa, ikonsidera na hindi pangalanan sa caption ng litrato.

Basahin ang **INFORMATION SHEET: Litrato at Video ng Mga Bata at Kabataan** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabantay ng mga bata at kabataan kapag kumukuha at naglalathala ng mga litrato at video.

Paggamit ng electronic na komunikasyon kasama na ang social media

Ang parokya, ahensya o entity na clergy, mga empleyado at boluntaryo ay hindi dapat gumamit ng anumang 'pribadong' mga pamamaraan ng komunikasyon (hal. personal na email account, personal na social media account) para makipag-usap sa parokya, ahensya o entity na mga bata at kabataan para sa layunin ng mga gawain sa parokya, ahensya o entity.

Sila ay dapat na:

- pakikipag-usap gamit ang mga device ng parokya, ahensya o entity, kung available (hal. mobile phone sa trabaho)
- pag-set up o paggamit ng mga email ng parokya, ahensya o entity (hal. *nameofparish@cam.org.au*)
- 'copy in' ang mga magulang at tagapag-alaga (at iba pang mga nauugnay na panig hal. program coordinator)
- direktang komunikasyon sa grupo kaysa sa indibiduwal
- makipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga tiyak na 'group' page na naka-set up sa mga social media platform (at kasama ang mga magulang at tagapag-alaga sa grupong ito)
- limitahan ang mga komunikasyon sa mga isyu na direktang nauugnay sa paggawa ng aktibidad o programa
- sabihin ang mensahe na may kaugnayan sa serbisyo sa isang magalang at palakaibigan na paraan, na nililimitahan ang personal na pag-uusap
- iwasan ang anumag komunikasyon na kinabibilangan ng mga text, litrato, video, website link o joke na maaaring maturing ng isang nagmamasid bilang likas na sexual, nakakapagpababa ng pagkatao, may diskriminasyon, nagbabanta, ilegal o malaswa

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

- magtabi ng rekord ng komunikasyon
- linawin ang pagkakaiba ng social communication kung saan ang datin nang mayroong social na relasyon (hal. kamag-anak, kaibigan) at komunikasyon para sa layunin ng mga programa, aktibidad o event ng parokya, ahensya.

Hindi sila dapat:

- sa ilalim ng anumang pagkakataon, hilingin na ang bata o kabataan ay hindi gawing lihim ang anumang komunikasyon
- gamitin ang komunikasyon para isaayos ang 'lihim' na pakikipag-ugnayan sa isang bata o kabataan sa labas ng mga boundary ng programa o aktibidad
- hikayatin ang mga bata at kabataan na sabihin sa mga pribadong online na setting (hal. mga chat room, mga game site o iba pang mga pamamaraan o channel) na di awtorisado ng parokya, ahensya o entity
- magsama ng impormasyon na makatuwirang magagamit ng ikatlong panig para makilala o makipag-ugnayan sa isang bata o kabataan (hal. huwag idagdag ang numero ng mobile ng isang bata sa isang post).

Mahalagang tandaan na ang mga perpetrator ng sexual abuse sa bata, maaari nilang gamitin ang kanilang tungkulin para "kaibiganin" ang mga bata at kabataan sa pamamagitan ng electronic communication at mapadali ang pakikipag-ugnayan "sa labas" ng namamahalang istruktura ng parokya, ahensya o entity na programa, aktibidad o event.

Basahin ang **INFORMATION SHEET: Electronic Communication Kabilang ang Social Media** para sa magagamit na impormasyon tungkol sa paggamit ng electronic communication sa mga bata at kabataan.

Pagpapahayag ng mga kriminal na akusa o paghahatol

Ang miyembro ng clergy, empleyado o boluntaryo na sumasailalim sa Working with Children Check at/o criminal history record check sa loob ng Catholic Archdiocese of Melbourne ay dapat agad na sabihin:

- sa kanilang "manager" hal. pari ng parokya, kung sila ay isang empleyado o boluntaryo
- sa Vice General kung sila ay isang miyembro ng clergy
- kung sila ay naakusa o nahatulan ng kriminal na pagkakasala na may kinalaman sa ministry o nagtatrabaho sa loob ng Archdiocese.

DEKLARASYON NG KODIGO NG ASAL SA PANGANGALAGA SA KALIGTASAN NG MGA BATA AT KABATAAN

Ang pagtatapos ng Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Kaligtasan ng Bata (Child Safety Code of Conduct Declaration) ay isang requirement ng pakikibahagi ng tao sa loob ng Katolikong Archdiocese ng Melbourne (Catholic Archdiocese of Melbourne) na parokya, ahensya o entity.

Ang kabiguan na isumite ang deklarasyon na ito ay isang seryosong bagay at maaaring magpatupad ng mga pandisiplinang kilos.

Ang Archdiocesan clergy, mga empleyado at boluntaryo ay may pananagutan na ipatupad ang tungkulin na alagaan ang lahat ng mga bata at kabataan at akuin ang mga makakatuwirang hakbang para maprotektahan

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

ang mga bata at kabataan mula sa lahat ng uri ng abuso at pinsala. Sa Catholic Archdiocese of Melbourne, ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay may pananagutan na bantayan ang kalusugan at kapakanan ng mga bata at kabataan sa pamamagitan ng:

Mapanatiling ligtas ang mga bata at kabataan mula sa abuso at pinsala

- Hindi sumali sa anumang uri ng pang-aabuso sa bata o pinsala kasama na ang emosyonal, pisikal at sexual abuse o kapabayaan.
- Iwasan ang anumang uri ng pisikal na pagpaparusa o nakakapaliit, malupit, nakakatakot o namamahiyang pakikitungo.
- Tiyakin na ang pisikal na kontak ay naaangkop, hindi nanghihimasok at hindi likas na sexual.
- Iwasan ang pamumuo ng mga relasyon sa mga bata at kabataan na maaaring maipalagay bilang pagkakaroon ng paborito at/o paghahanda.
- Gumamit ng mapanggalang na pananalita at tono kapag nakikipag-usap sa mga bata at kabataan at iwasan ang wika na nananakit, nakakapanghina ng loob, nananakot at pinapahiya ang mga bata at kabataan.
- Iwasan ang pananalita na likas na sexual, may diskriminasyon at racist kasama na ang may kahulugan na pakikipagbiruan, mga biro o mga kanyaw.

Paglikas ng isang kapaligiran na pisikal at psychological na ligtas

- Tiyakin na ang isang adult ay hindi kailanman nag-iisa kasama ang isang bata o kabataan at hindi nila hinahanap na makipag-ugnayan sa isang bata o kabataan na malalagay sila sa panganib na maabuso
- Tiyakin na ang mga bata at kabataan sa inyong pag-aalaga ay angkop na nababantayan parati.
- Gumamit ng patas, may galang at naaangkop sa paglaki na mga estratehiya para gabayan ang pag-uugali ng mga bata at kabataan sa positibong paraan.
- Tiyakin na ang mga litrato o video ng mga bata at kabataan ay nakunan ng may pahintulot ng mga maulang o tagapag-alaga ayon sa nilalayong aktibidad na parokya, ahensya o entity.
- Gumamit ng social media at digital communication sa isang paraan hindi naalipusta o nailalagay ang mga bata at kabataan sa panganib.
- Kumilos para maalis at/o mapakaunti ang anumang pisikal o pangkapaligiran na panganib na salungat na makaka-apekto sa mga bata at kabataan.
- Huwag uminom ng alak o gumamit ng mga ilegal na gamot bago o habang kasama ang mga bata at kabataan o maging apektado ng iniresetang gamot sa hindi magandang paraan.
- Huwag mag-supply ng alak at gamot sa mga bata at kabataan.
- Agad na sabihin sa management kung may sakdal o nahatulan ng isang sala (kung sumailalim sa isang pagsusuri sa talang kasaysayang kriminal na may kaugnayan sa sarili mong pagiging bahagi ng CAM na parokya, ahensiya o entity).

Nagsusuporta sa kaligtasan at pagiging bahagi ng lahat sa kultura

- Itaguyod ang kaligtasan, pagsali at pagbibigay kapangyarihan sa mga bata at kabataan.
- Suportahan ang pagsasali sa lahat ng mga klase ng bata at kabataan kabilang na ang may kapansanan; mula sa iba't ibang uri ng kultura at may ibang wika; gusto ang katulad na kasarian, intersex at gender diverse na mga bata at kabataan; at Aboriginal at Torres Strait Islander na mga bata at kabataan.

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan

Deklarasyon ng Kodigo ng Asal sa Pangangalaga sa Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Code of Conduct)

Pagtataguyod ng may paggalang na mga relasyon

- Sumali sa positibo at may galang na mga interaksyon sa mga bata at kabataan na ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at dignidad.
- Pakinggan at galangin ang mga pananaw ng mga bata at kabataan.

Balangkas ng organisasyon para sa pagbabantay ng mga bata at kabataan

- Makinig at sumagot ng may pagsusuporta sa mga ikinababahala ng mga bata at kabataan sa mga bagay na may kaugnayan sa kanilang kaligtasan.
- I-ulat ang anumang mga ikinababahala sa kaligtasan ng bata, ulat o pagpapahayag sa nauugnay na child protection authority ayon sa batas (hal. Proteksiyon ng Bata (Child Protection) (DHHS), Victoria Police) at sa Yunit ng Propesyonal na Pamantayan (Professional Standards Unit), na alinsunod sa mga requirement ng Patakaran na ito.

Aking nabasa, at sumasang-ayon ako na sumunod sa, Child Safety Code of Conduct kapag kasama o katrabaho an mga bata at kabataan na nasa ilalim ng Catholic Archdiocese of Melbourne.

Deklarasyon

Pangalan (mangyaring i-print)	Lagda	Petsa
		/ /
Address:		
Pangalan ng saksi (mangyaring i-print)	Lagda	Petsa
		/ /



CATHOLIC ARCHDIOCESE
OF MELBOURNE

Ikalawang Bersyon: Nobyembre 2021
Professional Standards Unit
psu@cam.org.au

*Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan,
kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan*